

Liham ng Obispo: 2024
PAGTAHAK NG AKING SINODALITY, Part II
Ang “Daan” at “Bahay-Panuluyan” Misyon ng Sinodos

Panimula

Ang ika 16 na plenaryo ng Sinodos na nagsimula noong taong 2021 ay magtatapos sa ikalawang Pangkalahatang Pagpupulong ngayong Oktubre sa kasalukuyang taon. Ang layunin ng pagpupulong na ito ay ang muling pagtuklas sa tunay na kahulugan ng Sinodality. Ang Santo Papa Fransisco ay nag nagbigay ng tatlong elemento bilang tema: Komunyon, Partisipasyon at Misyon. Ang tatlong ito ay magkakaugnay, nakaka-impluwensya sa bawat isa at kinukonsidera bilang isa.

Sa aking liham noong nakaraang taon “Ang Pagbalangkas ng aking Sinodality” ako ay nanawagan na pagnilayan ang “pakikiisa, partisipasyon sa lipunan at ang pagbibigay ng buhay na nagpapatotoo sa pananamlataya” at gawing batayan ang sinodality ng ating buhay.

Ang COVID-19 ay lubhang nakaapekto sa buong mundo. Marami ang nalagay sa malubhang karamdaman, namatay, at bilyon ang nagdusa sa pangangailangang pinansyal. Sa kabila nito, bagamat sila rin ay nangangailangan, marami ang mas piniling mag-abot ng tulong sa mga lubhang mas nangangailangan.

Sa taon na ito, sa ating pagbangon mula sa pandemya, nais kong kunin ang pagkakataon na ito na pag-isipan kung anong pagbabago ang kailangan ng Simbahang Katoliko sa Japan na nasasaad sa diwa ng Sinodos.

1. Ano nga ba ang Misyon na nais tahakin ng Sinodos?

Ipinahayag nang Second Vatican Council na ang simbahan ay “daan sa malalim na pikikipag-ugnayan sa Diyos at pakikiisa sa kapwa” (see *Lumen Gentium*, the Dogmatic Constitution on the Church, 1). Kapag pinag-usapan natin ang simbahan bilang isang instrumento nang planong kaligtasan ng Diyos, hindi ito literal na inilalagay natin sa konsepto ng Kristiyanismo ang mundo, kundi ang Simbahan ng Sinodos ay nananatiling bukas sa mundo, patuloy na nakikiisa sa dayalogo kasama ng Mundo. Sa madaling salita, ang Diyos ay patuloy na gumagalaw sa pamamagitan ng Simbahan, subalit hindi ito paggalaw na [Diyos ⇒ Simbahan ⇒ Mundo], kundi ito ay ang pakikipag ugnayan ng [Diyos ⇒ Ang Mundo ⇔ Ang Simbahan]. Nasasaad sa kasaysayan, isinugo ng Panginoon ang Simbahan para makiisa sa mundo, upang iligtas ang sangkatauhan na kumawala sa kanilang ugnayan sa Diyos dahil sa kasalanang mana. Dahil dito, ang pintuan ng Sinodal na Simbahan ay nanatiling bukas sa mundo, ito ay “nakikilakbay” tumitingin sa katotohanan at patuloy na humahanap ng mga bagong pamamaraan upang maisagawa ang misyon na ibinigay ng Panginoon sa pamamagitan ng pakikisalamuha at dayalogo kasama ng sangkatauhan.

Ang sinodos ay naglalayon na bumalik sa ministeryo nang Kaharian ng Diyos na ipinakita sa atin ni Hesus upang siyasatin ang kahulugan at pamamaraan ng kasalukuyang ministeryo sa makabagong pananaw. Tugunan ang mga hamon ng Simbahan sa makabagong lipunan sa pamamagitan ng pagpapanibago sa institusyon, organisasyon at ang pagkakaisa ng mga mananampalataya.

2. Larawan ng interactive na misyon “Daan” at “Bahay-Panuluyan”

Sa ikalawang kabanata ng encyclical ng Santo Papa Francisco na *Fratelli Tutti*, “Ang Estranghero sa Daan” ipinaliwanag niya ang talinhagang Ang Mabuting Samaritano (Luke 10:25-37) sa makabagong pang unawa. Nais kong tingnan ang pinag mulan ng misyon sa pamamagitan ng pag bibigay pansin sa “Daan” at “Bahay-Panuluyan” na nasasaad sa talinhagang ito.

Sa “Daan” mula sa Jerusalem patungong Jericho, may isang Hudyo na duguan dahil sa pag-atake ng mga magnanakaw. Ang paring Hudyo at ang isang Levitico na napa “Daan” sa gawing iyon ay lumihis at nagpatuloy ng paglakad nang mapansin nila at sugatan. Sila, na inaasahan na magpatupad ng utos ng Diyos, at nagtuturo nito sa iba ang siya pang hindi sumunod at napatupad nito. Ang "Daan" ay naging isang tagpo ng walang kabuluhang mga tagamasid.

Noong ang Samaritano ay napadpad sa naturang “Daan” nakita niya ito, nahabag at tumulong sa kabila ng kanyang pagiging Hudyo. Nilapitan niya ito, binuhusan ng langis at alak ang mga sugat at binendahan. Pagkatapos, isinakay niya ang lalaki sa kanyang asno at dinala ito sa bahay-panuluyan upang maalagaan siya doon. Binigyan niya ng dalawang salaping pilak ang namamahala ng bahay-panuluyan, na may pakiusap na alagaan ito, at nangako na muling babalik. Hindi lamang siya ang tumulong sa lalaki, kundi nakahanap din siya ng iba pa na nakatulong rito.

Para sa Samaritano, ang “Daan” ay naging lugar ng mga hindi inaasahang pangyayari, ito din ay naging “Bahay-Panuluyan” ng pagkakaisa at pag-aalaga. Sa pananaw pang misyon, ang “Daan” ay ang lugar ng pagtatagpo ng plano ng Diyos, at ang “Bahay-Panuluyan”, lugar na kung saan ang komunidad ay nakikibahagi sa pagmamahal ng Diyos. Dahil dito, ang “Daan” at ang “Bahay-Panuluyan” ay nagiging simbolo ng paggalaw ng Diyos sa misyon ng Samaritano.

3. Pagiging kapwa na walang Limitasyon

Noong tinanong ni Hesus patungkol sa buhay na walang hangan, sumagot siya “Ano ba ang nakasulat sa Kautusan? Ano ba ang nababasa mo roon?” (Luke 10:26), ang dalubhasa ay nais ipakita ang kanyang karunungan sa batas at inulit niya ang buod ng kautusan at sumagot “‘Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, buong kaluluwa, buong lakas, at buong pag-iisip;’ at ‘Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng pag-ibig mo sa iyong sarili.’” (Luke 10:27). Sinabihan siya ni Hesus na isabuhay ang mga ito, ngunit sa pagnanais na bigyang katwiran ang sarili, tinanong niyang muli si Hesus, “Sino naman ang aking kapwa?” at sinagot siya ni Hesus sa pamamagitan ng isang talinhaga; Ang Talinhaga ng Mabuting Samaritano.

Sa pananaw ng dalubhasa, ang *kapwa* ay ang taong kaisa niya sa paniniwala at sumusunod sa batas kagaya niya. Para sa kanya, bagama’t may mga taong kaibig-ibig, meron din namang hindi karapatdapat bigyan ng pagmamahal. Na, ang mga taong matuwid na kagaya niya ay kinalulugdan at minahal ng Diyos, samantalang ang mga hindi kaibig-ibig, at mga makakasalanang ay kinasusuklamang ng Diyos.

Gayunpaman, hindi direktang sinagot ni Jesus kung sino ang kanyang kapwa, sapagkat hindi ito lugar ng pagpapasya kung sino ang kapwa, kundi, ito ay ang panahon ng "paghahanap" dito. Matapos "matagpuan," “Naging” kapwa din ba tayo ng mga taong nakakasalamuha natin. Ang ibigin ang iyong kapwa, ay ang pagiging kapwa mo para sa kanila. Sino ang iyong kapwa? Ang ideya ng “paglilimita sa mga taong nakapaligid sayo” ay ang pag-aalis nang tunay na kahulugang ito.

Ang mga Samaritano ay nakakaranas ng deskriminasyon mula sa mga Hudyo. Sa totoo lang, ang Mabuting Samaritano ay pwedeng piliin na talikuran ang taong sugatan, subalit, pinili niya na makiisa sa pagdurusa ng biktima at nagpasya na dungisan ang sarili. Tinuturuan tayo ni Hesus na ang pagiging tunay na kapwa ay ang marunong lumapit sa mga taong nakakasalamuha natin sa “daan”, maging ito man ay ating kaaway, estranghero o taong mag ibat-ibang pinag daraanan sa buhay.

4. Ang Modelo ng Sinodal na Simbahan ay si Hesus

Ang daan mula Herusalem patungong Jericho ay dalikadong ruta na tatahak sa matitirik na bundok, na kung saan konti ang dumaraan at kilalang-kilala sa madalas na pag-atake ng mga tulisan. Sakaling mangyari ang insidente na kagaya nito, walang pwede matawagan upang tumulong, kung meron man, maaari siyang lumampas at di mag bigay ng pansin. Ang paring

Hudyo at ang Levitoco ay pinili ang kanilang kaligtasan at ang pag-alala na madungisan ang mga kamay bago mag-alay sa templo, dahilan, kung bakit hindi sila lumapit at iniwan na lang ang sugatan.

Bakit nagkaganun na ang Samaritano lang na naglalakbay sa naturang “Daan” ang naawa para sa taong sugatan? Sapagkat ikinukumpara ni Hesus ang kanyang sarili sa Samaritano. Ang pakiramdam na “awa” nang Samaritano ay ginamt lang na salita kay Hesus sa wikang Griyego sa salitang pandiwa na *splagnizomai* (“to twist the liver”), na nagpapahayag nang malalim na awa ng Diyos. Ang Samaritano ay si Hesus, na kumakatawan sa awa ng Ama. Ang naging batayan ng lahat ng pagsisikap ni Hesus na ipangaral ang kaharian ng Diyos ay ang kanyang pag-ibig sa kanyang nasa langit na Ama at ang kanyang walang hanggang awa. Ang Samaritano, bagamat iniiwasan ng mga Hudyo ay hindi inalintana ang kanyang sariling kaligtasan at interes habang tinutulungan ang Hudyo na nasa kanyang harapan, ito ay isang propesiya na si Jesus ay itatakuwil sa Jerusalem at tatanggapin ang pagdurusa at kamatayan.

Ang talinhagang Mabuting Samaritano ay hindi makikita sa alin mang Ebanghelyo, ngunit ang kuwentong ito ay sumasagisag sa buhay ni Jesus na Tagapagligtas. Nilakad ni Jesus ang “Daan” mula sa Galilea patungong Jerusalem upang tuparin ang Kanyang misyon mula sa Ama. Pinagaling niya sila at nagpakita ng awa tulad ng Mabuting Samaritano sa mga nangangailangan ng pagmamahal at biyaya ng Diyos.

5. Ang Aking Simbahan Bilang Larangang Ospital

Ang Santo Papa Francisco ay inilagay ang talinhaga ng Mabuting Samaritano sa mas malawak na konteksto, ang ugnayan ng tao na tinatawag niyang “Kapatiran” at “pakikipag kaibigan” (cf. *Fratelli tutti*). Ito at tumutukoy sa pagpapahalaga sa karapatang pangtao, sa common good, mapagtagumpayan ang diskriminasyon, pagkaka bukodbukod, at makapagtaguyod ng diyalogo at pagtutulungan.

Sa simula nang kanyang ministry, binigyan na niya ng pansin, na ang simbahan ay kinakailangnang maging babad sa lipunan. “Halina’t humayo, humayo tayo at ibahagi sa lahat ang buhay ni Kristo Hesus... mas gusto ko ng Simbahan na may galos, may sakit, madungis dahil ito ay babad sa mga tao sa lansangan, kesa sa simbahan na ayaw umalis at kumawala sa ginhawa at siguridad na ibinibigay nito.” (Apostolic Exhortation, *The Joy of the Gospel*, 49).

Sa liturhiya na naka sentro sa simbahan, hindi tayo masyadong nag bibigay ng pansin sa katotohanan na nagaganap sa mundo, sa halip, tayo ay kontento at nagkukubli sa bao ng natatagong pananampalataya, pinuputol natin ang ating mga sarili sa tunay na diwa ng buhay. Ito ang dahilan kung bakit ayaw nating lumabas sa sarili nating mga comfort zones (personal na buhay) upang tahakin ang “Daan” na kumikilala sa mga nagdurusa, napawalay, pinagsamantalahan, diskriminasyon, dumaranas ng kawalang-katarungan sa lipunan, at iba pa. Tinatawagan ng pansin ng Santo Papa ang mga nasa laylayan ng lipunan dahil doon gumagana ang Espiritu Santo at ipinakita ang pag-ibig at awa ng Diyos.

Ang Papa ay inihahalintulad din ang Simbahan sa larangang ospital, na sa halip na manatili sa isang lugar para lumapit ang mga tao, ginawa niya na parang isang “Bahay-Panuluyan” ang Simbahan na handang tumanggap sa lahat nang nahihirapan, humaharap sa ibat-ibang pagsubok at nag bibigay ng tulong materyal at higit sa lahat espirital.

Anong klase ng Simbahan na gusto nating maging? Ito ba ay isang simbahan na walang pakialam kagaya ng paring hudyo at levitiko? O isang simbahan na kagaya ng Mabuting Samaritano, handang umagapay?

6. Walang Hadlang na pagpapahayag ng Ebanghelyo

Ang “Daan” na ating tinatahak ay ang lugar na kung saan magkakasamang naglalakbay ang mga tao na hindi tumitingin sa katayuan sa buhay. Ang mga nakakasalamuha natin ay hindi lang ang mga taong naninirahan sa iisang komunidad, bilang sambayanan, meron silang kanikanilang kultura at pag-uugali. Ang pagkiling na nagmumula sa pagkaiba iba ng kultura,

bansa, paniniwala at maging ang diskriminasyon base sa karamdaman at kasarian ay sumisira sa “Daan” ng kapayapaan at pag kakaisa at lumalabag sa dignidad at karapatang pangtao.

Ang Sinodal na Simbahan ay nagsisilbing kapwa ng mga nasa sa laylayan ng lipunan, ito ay nagpapakita ng pagmamahal at pakikiramay. Ang pagiging kapwa ay nagpapakita ng respeto at pag-unawa sa damdamin ng iba, at hindi sa patuloy na pagkapit sa personal na interes at katayuan. Ang paglalakbay ng Sinodos ay magandang pagkakataon na matutong makipamuhay sa isat-isa, sa kabila ng kanikanyang pagkakaiba. Sa pananaw na ito, ang Sinodal na Simbahan ay naglalayon na bumuo ng barrier free na lipunan na hindi pinananaigan ng pagkakawatak watak at patuloy na nag papahalaga sa dignidad ng tao. Sa harap ng Diyos tayo ay magkakapatid, iwasan natin ang makipag tunggali at ang pamumuhay ng may pagka makasarili, sa halip, tayo ay mag tulungan lalo na sa panahon ng paghihirap at pagdurusa upang tayo ay makabuo ng lipunan na walang pader.

Likas sa tao na protektahan ang kanilang sarili mula sa mga bagay na umaatake sa kanila, kung minsan sa paggawa nito, sila ay bumubuo ng pader maging ito man ay pisikal o mental. Nasusuklam tayo, nagdidiscriminate, nanghahamak, nang-aapi, pumuputol o sumusira ng mga relasyon at iba pa, mga pader sa paligid na hindi natin namamalayan na nagtataasan. Halimbawa, ang mga taong naka wheelchair, napakaraming mga pagsubok na hindi nakikita nang iba. Sa pamamagitan ng pakikinig sa kanila at paglalagay ng ating mga sarli sa kanilang kalagayan, pwede tayong makabuo ng isang patas at komportableng lipunan para sa kanila. Ang mga hadlang sa lipunan ay nag-aalis sa mga tao ng kanilang dignidad at potensyal.

Ang “Mata ng Ebanghelyo” ay sensitibo sa hindi patas at sa diskriminasyon na nagaganap sa lipunan, ang matang to ang nagsisilbing pag-ibig at hustisya ng Diyos. Ang “Mata ng Ebanghelyo” ay nakikinig hindi sa kanyang pansariling interes at kaginhawahan, kundi, sa mga mahihina at mga nasa sa laylayan ng lipunan.

7. Ang Kasigasigan ng Misyonaryo

Nung tayo ay binyagan, tayo ay naging Pamilya ng Diyos, at sa pamamagitan ng Sakramento ng Kumpil, binigyan tayo ng responsibilidad at ng bokasyon bilang mga tagasunod ni Kristo upang magpahayag ng Mabuting blita sa lahat ng mga bansa. Ang ating pananampalataya ay hindi dapat sarilihin, ito ay kinakailangang maibahagi lalo na sa mga tao sa ating kapaligiran. Ang pagpapahayag ng salita ng Diyos ay biyaya na kaloob, ito ay paglilingkod mula sa Diyos at para sa Diyos.

Ang misyon sa Japan ay humaharap sa ibat-ibang pagsubok lalo na sa pagpaparami nang bilang ng mga nabibinyagan. Pero kung nalalaman mo lang na ikaw ay tinawag upang magpahayag, at kung meron kang pagsinta sa pagpapaabot ng pagmamahal at grasya ng Diyos sa mga mamamayan ng Japan, maaari kang makibahagi sa pagpapatupad ng plano ng Diyos, ialay ang iyong mga kakayanan at talento sa Diyos, ibahagi ang iyong saya sa pagpapalaganap ng kaluwalhatian ng Diyos.

Noong matapos ang giyera hangang sa kasalukuyan, maraming pari at mga relihiyoso ang iniwan ang kanikanilang tahanan upang pumunta sa Japan bilang mga misyonero sa Diyosesis ng Kyoto. Bagama’t mahirap ang wikang Hapon, natutunan nila na maipahayag ang biyaya ng pagliligtas at pag-ibig ng Diyos sa mga mamamayan ng Japan, kung saan mabibilang lang ang mga Kristiyano. Ang tagpo ng mga mamamayang Hapon sa mga misyonero ay nagbigay ng inspirasyon lalo na sa mga hindi gano’ng kataas ang kamalayan sa gawaing pang misyon.

Dagdag pa rito, ang mga banyagang mananampalataya na naninirahan sa Japan ay may malaking ding papel, na sa kabila ng kanilang paninirahan dito, naisasabuhay pa din nila ang kanilang pananampalataya na nahubog sa kanilang inang bayan. Sila din ay nagsisilbing malaking biyaya na nagbibigay sigla sa Simbahang Katolika ng Japan. Sa pamamagitan nang ating pakikisalamuha sa mga banyagang mananampalataya, ang mga mananampalatayang Hapon ay nakakatagpo ng ibat-ibang pamamaraan sa pagpapahayag ng pananampalataya, ito din ay nagbibigay kasiguradohan na tunay ngang nabibilang tayo sa unibersal na Simbahang Katolika, na nagbibigay daan upang isabuhay din ang kanilang pananampalataya sa araw araw.

8. Ang Simbahan na nakikinig sa Salita

Si Hesus, ay ipinanganak kasama ng mga mahirap, nakipamuhay sa mahirap, at nagsilbi para sa mga mahirap ay ipinadala upang ipahayag ang Mabuting Balita sa mga mahirap (cf. Luke 4:18). At ang iyong saloobin sa mga mahihirap, itinuro sa akin na ito ay ang iyong saloobin sa akin (see Matthew 25). Ang pagpapahayag ng mabuting Balita ang hindi lamang sa larangan ng pagsasalita, kundi maging sa gawa, tumutulong sa mga mahihina, nangangailangan at nakikiisa sa kanilang pagdurusa.

Hindi ginamit ni Hesus ang talinhaga ng Mabuting Samaritano upang turuan ang dalubhasa sa batas upang makamit niya ang buhay na walang hanggan, sa pamamagitan ng pag mamahal sa Diyos at sa kapwa. Sa halip, si Hesus ay nagtatanong “seryoso kaba sa iyong nalalaman at namumuhay kaba nang ganon?”

Naiintindihan ko ba ang mga turo ni Hesus, sa halip na isabuhay ito, ako ba ay naghahanap ng mga dahilan para mangat’wiran at maipagtangol ang aking sarili? Napakahalaga para sa Sinodal na Simbahan na patuloy na makinig sa mga tanong ni Hesus, at taimtim na sundin ito at nang maipakita din natin ang tunay na katotohanan ng ating pananampalataya.

9. Ang di-sakdal at ang Sinodal na Simbahan

Ang Simbahang Katolika ay humaharap sa kawalan ng tiwala sa mga kleriko at sa kakulangan ng sigla o buhay sa loob nito. Ang iskandalo at ang mga pang-aabuso na may kinalaman sa kapangyarihan at pera ay nagpahina sa simbahan sa moral na kapangyarihan at tungkuling panglipunan. Ang simbahan ay patuloy na tinatawagan na maibalik ang tiwala ng mga mananampalataya at lipunan, sa pamamagitan ng; pag-amin sa mga nagawa nito, paghingi ng kapatawaran sa mga naging biktima, pangangako ng pagbibigay ng katarungan, pagpapakita nang pagtanggap sa lahat at mapagparaya na saloobin.

Ang mga miyembro ng Sinodal na Simbahan ay mapagpakumbaba, sumasaliksik sa kalooban ng Diyos, responsable bilang bahagi ng katawan ni Kristo, at nagkakaisa upang makamit ang mga layunin ng Simbahan. Ito rin ay lugar kung saan ang bawat miyembro ay kumikilala, nagbabahagi, at tumatanggap ng kanikanilang kahinaan at pagkukulang nang walang pagkukubli. Ito rin ay rumirespeto sa pagkakaibaiba na umiiral sa loob ng Simbahan, ito din ay nagbibigay pansin sa dayalogo at pagkakaunawaan.

Ang Sinodal na Simbahan ay nagpapakita rin ng pagiging bukas, maging sa mga taga labas ng Simbahan. Hinahanap ang awa ng Diyos sa araw araw, sa pamamagitan nang respeto sa bawat-isa, kumikilala sa galaw ng Diyos sa bawat isa, maging ito man ay personal o komunal, at bilang mga pastol kinakailangan natin na maglakbay nang may pagpapanibago at pagbabalik loob.

10. Si Maria’ y nagmamadaling Pumunta sa Isang Bayan na Bulubundukin (Luke 1:39)

Ito ay alinsunod sa tema ng World Youth Day sa Lisbon 2023. Matuto tayo sa pananampalataya ni Maria, makinig sa Salita ng Diyos, sumunod sa paggabay ng Espiritu Santo, ibahagi ang pag-ibig at ligaya ng Diyos sa pamamagitan nang pag-agapay sa mga nahihirapan sa kundisyon ng kanilang buhay. Si Maria ay nagmamadaling pumunta kay Elisabet, na nagdadlang tao sa kabila ng katandaan. Sila ay nagbunyi nang pasasalamat sa Diyos dahil sa biyayang tinanggap nang bawat-isa, may pagpapakumbabang tinanggap ang galaw ng Diyos na hindi inaalintana ang kundisyon at kalagayan sa buhay. Gaya ni Maria, tayo na naghahangad ng isang Sinodal na Simbahan, nais nating matuklasan ang plano ng Diyos, makibahagi sa plano na ito at piliing mamuhay bilang mga anak ng Diyos.

Ang pagpapahayag ng Mabuting Balita ay hindi lamang iniaatas sa bawat Kristiyano, ito ay isang misyon na ibinibigay sa bawat isa. Lahat tayo’y tumanggap ng pag-ibig at biyaya ng Diyos, ang pinag mumulan ng ating obligasyon na ibahagi ang biyaya na ito sa iba.

Napapanahon na para sa Sinodal na Simbahan na magmadali sa ating paglalakbay, unawain ang kahalagahan ng pagdadala ng Mabuting Balita ni Hesus sa ating panahon. Ang Sinodal na

Simbahan ay nagpapahalaga sa “Daan” at sa “Bahay-Panuluyan” na umaasa para sa pagdating ng paghahari ng Diyos. Ang “Daan” ay ang pakikibilang sa buhay ng tao at sa lipunan, ito ay nagbabahagi ng pananampalataya sa pamamagitan ng pag-uusap. Ang “Bahay-Panuluyan” ay kung saan, ang bayan ng Diyos ay nagkakatipon tipon, nagdarasal at lumalago kasama nang lahat.

Sa pamamagitan ng pagbabahagi ng biyaya ng ating pananampalataya maging sa mga taga labas ng simbahan, tayo ay natututo sa bawat isa, naisasabuhay natin ang pag-ibig ng Diyos, malalampasan natin ang balakid ng kasalukuyang henerasyon, katayuan sa lipunan, lahi, at iba pa, ito ay matibay na patunay nang tagpo na tumatangap sa lahat. Magtulong tulong tayo para sa pagkakaisa at kapayapaan ng mundo.

✠ Paul Yoshinao Otsuka
Bishop of Kyoto
Dakilang Kapistahan ni Maria, Ina ng Diyos
January 1, 2024